

Posisyon sa mga Patakaran Ng Muling Paggamit sa mga Kemikal



Pangunahing Posisyon sa Patakaran

Hindi kasalukuyang sumusuporta ang Ocean Conservancy sa anumang uri ng muling paggamit sa mga kemikal. Sa kasalukuyan nitong anyo, ang muling paggamit sa mga kemikal ay hindi nakatutulong sa umiikot na ekonomiya ng plastik dahil hindi ito muling paggamit ng plastik papunta sa plastik at nakapipinsala ito sa kapaligiran at mga tao, hindi rin ito naaayon sa aming layunin na magkaroon ng mas malusog na karagatan na sinusupportahan ng mas makatarungang mundo.

- Ang komprehensibong pamamaraan na nakapokus sa pagbawas ng produksyon ng plastik ay kailangan para mabawasan ang pinsala ng plastik sa ating komunidad, klima, at karagatan.
- Anumang pagsulong sa teknolohiya ng muling paggamit ay nangangailangan ng progresibong patakaran para madagdagan ang koleksyon at magsimula ng bagong disenyo ng produkto para sa mas murang sistema na mas kaunti ang kontaminasyon. Ang mga pagsisikap na ito ay kailangan ng tuloy-tuloy na pinansiyal na suporta na magpapagaan sa nagbabayad at pananagutin ang mga gumagawa.
- Ang mga teknolohiya sa muling paggamit ng kemikal na nagrerekober ng mga plastik (hal., plastik na ginagawang ibang plastik) ay napapaunlad pa lamang at malamang na hindi pa agad na makapagpatakbo nang maramihan.
- Ang teknolohiya sa pagko-convert ng muling paggamit ng kemikal¹ ay magbibigay-daan para magpatuloy ang kawalang katarungan sa kapaligiran at komunidad batay sa kanilang inilalabas at pagkakatatag.
- Ang epekto sa kapaligiran ng mga teknolohiya sa muling paggamit ng kemikal (hal., teknolohiya sa pagsasala²) ay nananatiling hindi napatunayan at nahaharap sa mga hamon sa pinanggagalingan ng mga basura.
- Ang pagpopokus sa muling paggamit ng kemikal o anumang iisang solusyon bilang "mabilisang solusyon" sa polusyon ng plastik ay nagsasapanganib ng pagbabago ng sistemang kailangan para gumawa ng umiikot na ekonomiya.

Mga Gumagabay na Prinsipyo




- Anumang ginagawa para tapusin ang buhay ng plastik na naglalabas ng ano mang nakapipinsala (kabilang ang Greenhouse Gas (GHG)) sa komunidad, hangin, o daluyan ng tubig ay hindi magpapatuloy at hindi dapat ituring na bahagi ng umiikot na ekonomiya.
- Ang mga proseso na nagtatapos sa buhay at hindi nagrerekober ng plastik (hal., hindi "plastik na ginagawang ibang plastik") ay hindi dapat ituring na muling paggamit.
- Walang pagtatapos ng buhay na proseso ang dapat na magbigay-daan sa kawalang katarungan sa kapaligiran at/o mga tao o gumawa ng bagong kawalang katarungan.
 - Ang lokal na mga komunidad ay dapat na lubusang nakibabahagi at may kapangyarihan na gumawa ng desisyon na matukoy at makapagpatakbo ng mga pasilidad.

¹ Ang mga teknolohiya sa "pagko-convert" (hal., pyrolysis, gasification, pagsusunog) ay gumagamit ng init at pressure para paghiwalayin ang mga kemikal na bigkis at gumawa ng enerhiya at/o maliliit na hydrocarbons (syn gas/langis).

² Ang mga teknolohiya sa "pagsasala" (hal., depolymerization, solvolysis, chemolysis) ay gumagamit ng mga kemikal imbes na init para tunawin ang mga plastik at makagawa ng monomer, polymer feedstock, o mga polymer

- Alam naming kailangan ng pagkamalikhain para magkaroon ng umiikot na ekonomiya at matigil ang pagdaloy ng mga plastik sa karagatan. Ang kasalukuyang mga muling paggamit na teknolohiya ay hindi nagbibigay ng solusyong naaayon sa pagkakaroon ng umiikot na ekonomiya.

MAKIPAG-UGNAYAN

-  +1 800-519-1541
-  memberservices@oceanconservancy.org
-  oceanconservancy.org

I-FOLLOW KAMI

-  [@OceanConservancy](https://www.facebook.com/OceanConservancy)
-  [@OurOcean](https://twitter.com/OurOcean)
-  [@OceanConservancy](https://www.instagram.com/OceanConservancy)

